# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 18, 2021, LUNES, IKA-9:35 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

RECEIVED 22 NOV 2021 SANGGUNIANG BAYAN OFFICE Sta. Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 11-23-21 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 432-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 118-T2021 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 04-T2021 NG BARANGAY GATID, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGDARAGDAG NG ALLOWANCE NG MGA KATULUNGIN NG BARANGAY PARA SA TAONG 2022.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Gatid sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 118-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T2021 na nagdaragdag ng allowance ng mga katulungin ng barangay para sa taong 2022;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Patrocinia S. Kalaw, Kgg. Efren L. Diaz, Kgg. Ramon D. Tan at Kgg. Ambiel John C. Panganiban at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 118-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T2021 ng Barangay Gatid, Santa Cruz, Laguna na nagdagdag ng allowance ng mga katulungin ng Barangay para sa taong 2022.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at Sangguniang Barangay ng Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 18, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan 11-11-21